

Inland Regional Center

Mga Patakaran ng Digital Communications

SEKSYON 1: PAHAYAG SA LAYUNIN NG DIGITAL COMMUNICATIONS

Kabilang sa digital communications ng IRC ang inlandrc.org, mga social media account ng IRC, email publication, at anumang iba pang uri ng komunikasyon na web-based. Layunin ng digital communication ng IRC na itaguyod ang ***misyon, mensahe, at tatak*** ng ***Inland Regional Center (IRC)*** sa pangunahing audience nito. Ang naturang audience ay pangkalahatang kinikilala bilang IRC Community at kasama rito ang mga Kliyente at kanilang pamilya, mga vendor, community partner, mga Community Based Origination (CBO) na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Developmental Services (DDS) at ang media.

Isasagawa ang pagpapalaganap ng tatak at promosyon sa paraang madaling maiaangkop upang matugunan ang iba't iba at pabago-bagong pangangailangan kasabay ng pagbibigay ng naka-target at madaling gamitin na content. Magsisilbi rin ang digital communication ng IRC bilang tagapaghatid ng napapanahong impormasyon sa IRC community sa paraang naaangkop, nakaka-engganyo, at madaling i-navigate.

Ang estratehikong direksyon ng digital communication ng IRC ay tinutukoy at binabantayan ng Community Engagement (CE) unit ng IRC. Sa ilalim ng pangangasiwa ng Program Administrator ng IRC - Community Engagement, pinamamahalaan ng CE ang content, disenyo, pagbuo, pagpapaandar, paghahatid ng mensahe, at pangangasiwa sa lahat ng uri ng komunikasyon ng IRC na web-based.

SEKSYON 2: TUNGKULIN NG COMMUNITY ENGAGEMENT

Pinangangasiwaan ng CE ang mga estratehiya sa marketing at mga inisyatibo para sa web at print media ng IRC. Kabilang dito ang pag-aari sa content, pagpili sa mga malikhaing elemento at mga channel ng pamamahagi. Kasama sa CE ang mga propesyonal sa marketing, content, at isyung teknikal na lingguhang nagpupulong para:

- (1) Ayusin ang cross-functional na komunikasyon at kolaborasyon.
- (2) Tukuyin, linawin, at italaga ang mga gawain, patakaran, kasanayan, at desisyong kinakailangan para mapanatili ang inlandrc.org sa paraang naaayon sa layuning nakasaad dito.
- (3) Tiyakin na ang inlandrc.org at lahat ng social media platform nito ay naaangkop sa kultura at wika ng audience.

SEKSYON 3: WEB TEAM

Ang Web Team ay binubuo ng mga sumusunod na miyembro: Program Administrator - Community Engagement, Manager- Community Engagement, Community Relations Specialist, Deaf and Hard of Hearing Cultural Specialist, Cultural Specialist, Consumer Service Technician (CST) III, Information Technology Manager/Director, Network Administrator, at ang Emergency Services Coordinators (ESC) ng IRC.

Kabilang, pero hindi limitado, sa mga tungkulin ng Web team ang:

- Pagbuo at pag-post ng content, sang-ayon sa pamantayan sa istilo at imaheng itinatag ng IRC
- Paglatag sa punto ng kontrata para sa mga pagbabago/update ng content
- Hands-on na operasyon sa content at pagpapaandar ng website

SEKSYON 4: KINAKAILANGANG CONTENT

Sa mga pagkakataon na inatasan ng batas o inuutusan ng Department of Developmental Services (DDS) ang IRC para mag-post sa inlandrc.org, ang pag-apruba sa content ay ibibigay ng Executive Director, Director of Community Services, o sinumang kanilang inatasan.

- Dapat lahat ng materyal sa marketing ay sensitibo sa kultura at nagtataguyod ng pagkakasama ng lahat ng entisidad, lahi, at kasarian.
- Dapat lahat ng materyal ay madaling intindihin sa Ingles, Espanyol at American Sign Language (ASL).

SEKSYON 5: MGA DESISYON SA CONTENT

Bilang nangungunang eksperto sa web ng ahensya, responsibilidad ng Web Team ang lahat ng pagdedesisyon kaugnay ng content/post sa lahat ng usaping hindi natukoy sa SEKSYON 4. Ang nasabing team ang susuri sa kakayahan, pagpapanatili, at kahalagahan ng lahat ng content.

SEKSYON 6: MGA POST KAUGNAY NG PAGBIBIGAY NG KORTESIYA

Gaya ng nakatakda sa SEKSYON 1, ang pangunahing layunin ng digital communications ng IRC ay ang pagtataguyod ng misyon, mensahe, at tatak ng Inland Regional Center. Ang mga kahilingan ng mga panlabas na ahensya para ianunsyo ang mga event o pinagkukunan ay dapat na matukoy ng Web Team ng IRC bilang naaayon sa kakayahan at napapanahon, at dapat na maaprubahan ng CE Manager katuwang ang Program Administrator CE. Kung aprubahan ang kahilingan sa pag-post, ang Web Team ang magdedesisyon kung paano pinakamainam na maipapakita ang impormasyon. Ang mga post kaugnay ng pagbibigay ng kortesiya ay karaniwang lumalabas sa web calendar at Twitter ng IRC.

Dapat ipadala ang mga kahilingan sa pag-post sa community@inlandrc.org, nang hindi bababa sa 45 araw bago ang petsa ng event.

- Dapat lahat ng materyal sa marketing ay sensitibo sa kultura at nagtataguyod ng pagkakasama ng lahat ng entisidad, lahi, at kasarian.
- Dapat lahat ng materyal sa marketing ay nasa wikang Ingles at Espanyol.
- Dapat may POC para sa pag-aangkop ng wika upang maisama ang American Sign Language (ASL) para sa mga materyal sa marketing na wala sa wikang Ingles o Espanyol.

Maaaring ipadala sa community@inlandrc.org ang anumang katanungan o isyu kaugnay ng patakaran na ito.